9

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO

**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Titaflor A. Toledo, MT II, PEDHS |
| **Illustrators:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Layout Artists:** | Titaflor A. Toledo, MT II, PEDHS |
| **Content Editors:** | Lilibeth C. Fernecita, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Language Editors:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief SDO-Muntinlupa City |
| | Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Nelia G. Abejar, SDO Coordinator, Filipino |
| | Dr. Gina U. Urq uia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | May L. Borjal, PDO SDO-Muntinlupa City |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 3 | Pag-uugnay ng Tunggalian sa Programang Pantelebisyon at Pang-ugnay na Hudyat ng Pagsusunod-sunod |
|---|---|

Inihanda ang modyul na ito upang matulungan ka sa iyong pagkatuto. Nilalayon nito na talakayin ang mga uri ng tunggalian ng maikling kwento at ang gamit ng mga pang-ugnay na naghuhudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

Mula sa araling ito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay:

1. Naiuugnay sa kasalukuyan ang mga tunggaliang (tao vs.tao at tao vs. sarili) sa napanood na programang pantelebisyon (F9PD-llld-e-51)

2. Naisusulat muli ang maikling kuwento nang may pagbabago sa ilang pangyayari at mga katangian ng sinuman sa mga tauhan, ang sariling wakas sa naunang alamat na binasa (F9PU-llld-e-54)

3. Nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento (F9WG-llld-e-54)

## UNANG PAGSUBOK

**PANUTO:** Basahin at unawain ang mga tanong sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Ang kataga na nag-uugnay sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayaring pasalaysay at paglilista ng mga ideya , pangyayari at iba sa paglalahad.

A. Pang-ugnay
B. Pangatnig
C. Transitional Devices
D. Pang-angkop

______ 2. Ang paksa nito ay hango sa mga pangyayaring mula sa totoong buhay.

A. Maikling kuwento
B. Alamat
C. Nobela
D. Sanaysay

______ 3.Nagsisimula sa suliranin tungo sa pagsasalungatan na maaaring sa kapwa tauhan, sa kalikasan at sa sarili.

A. Kaisipan
B. Wakas
C. Paksang-diwa
D. Tunggalian

______ 4. Uri ito ng tunggalian na ang pangunahing tauhan ay nakikipaglaban sa itinuturing na kontrabida sa kuwento.

A. Tao laban sa tao
B. Tao laban sa sarili sa kalikasan
C. Tao laban sa kalikasan
D. Tao laban sa lipunan

______ 5. Ang pangunahing kalaban ng tauhan ay ang kanyang sarili at ang mga problemang internal.

A. Tao laban sa lipunan
B. Tao laban sa sarili
C. Tao laban sa tao
D. Tao laban sa kalikasan

## Balik-tanaw

**Panuto**: Hanapin sa **Hanay B** ang hinihingi ng nasa **Hanay A**. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____ 1. Ito ang pag-aaral sa pinagmulan ng mga salita, pagkakabuo at kahulugan. | A. Tunggalian |
| _____ 2. Nagpapakita ito ng pagbabagong pisikal ng tauhan. | B. Etimolohiya |
| _____ 3. Naglalarawan ito sa pagbabago ng damdamin ng mga tauhan sa kuwento. | C. Transpormasyong Intelektwal |
| _____ 4. Ang pagbabago sa paniniwala o sa pilosopiya ng mga tauhan sa kuwento. | D. Transpormasyong Pisikal |
| _____ 5. Ang elemento ng Maikling Kuwento na nagbibigay kulay sa mga pangyayari. | E. Transpormasyong Emosyonal |

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**TUNGGALIAN**

Isang elemento ng maikling kuwento na tumutukoy sa mga isyu at problema na hinaharap ng mga pangunahing tauhan.

**URI NG TUNGGALIAN**

1. Tao laban sa tao - ang tunggaliang ito ay nagpapakita ng laban ng tauhan at iba pang tauhan.
2. Tao laban sa sarili – ito'y uri ng tunggalian na nangyayari sa loob mismo ng tauhan. Ang kanyang pangunahing kalaban ay kanyang sarili at ang mga problemang internal. Ito'y kadalasang makikita kapag ang mga tauhan ay mayroong "internal conflict" o kaya'y nahihirapan sa mga desisyon.

**PANG-UGNAY**

**Pang- ugnay-** ay mga salita, parirala at sugnay na nag- uugnay at nagpapakita ng relasyon ng dalawang yunit sa pangungusap.

May mga pang-ugnay na hudyat sa pagkakasunod-sunod ng pangyayari gaya ng pagkatapos, sa/nang sumunod na araw, sa dakong huli, saka, una, sunod, bilang pagtatapos, sa wakas, isang araw, samantala, maya-maya, hindi nagtagal, agad at iba pa.

**Halimbawa:**

**Sa wakas**, nabigyang solusyon na rin ang pangunahing suliranin ng organisasyon.

**Bilang pagtatapos,** ang pagkakaroon ng mga responsableng mamamayan ay isa sa mga paraan upang makamit ang kaunlaran ng bayan.

Ang Telebisyon bilang uri ng panitikang popular ay naghahatid ng iba't ibang kuwento, nagbibigay aral at naglalarawan ng katotohanan ng buhay na tinatalakay sa kultura ng lipunan. Sa mga programang pantelebisyon makikita rin ang iba't ibang tunggaliang naglalarawan sa mga tunay na pangyayari sa buhay ng tao at kung paano nila nilulutas ang problema sa kanilang buhay. Mas madaling makikita ang tunggalian sa programang pantelebisyon dahil naririnig at nakikita ang kilos ng mga tauhan sa mantalang sa mga kuwento ay kinakailangan pang unawain at analisahin ang mga pangyayari.

**https://www.slideshare.net/LennoxLatag1/filipino-telebisyon**

## Gawain

**GAWAIN 1**

**Panuto**: Panoorin ang video ng "Ang Probinsiyano" noong Enero 28, 2021 sa link na https;//youtu.be/XJv2z-m9bJU. Isulat ang mga pangyayari na nagpapakita ng tunggalian mula sa pinanood at iugnay ito sa kasalukuyan.

1. Tao sa tao

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Tao sa sarili

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

**GAWAIN 2**

**Panuto:** Mula sa programang pantelebisyon na KAPUSO MO JESSICA SOHO, "Itigil ang Kasal" https://www.youtube.com/watch?v=znyai2jCOuo. Isalaysay ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng mga pang-ugnay.

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

**GAWAIN 3**

A. **Panuto**: Piliin sa loob ng kahon ang angkop na pang-ugnay sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| Una | Sa dakong huli | Sa lahat na ito |
| Sunod | Bilang pagtatapos | Pagkatapos |
| Sa wakas | sumunod na araw | Kung gayon |

## Tandaan

**TRANSITIONAL DEVICES**

**Transitional Devices** -ang tawag sa mga kataga na nag- uugnay sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayaring pasalaysay at paglilista ng mga ideya, pangyayari, at iba sa paglalahad. Sa wakas, sa lahat ng ito- panapos, isang araw, samantala, maya-maya, hindi nagtagal, agad at iba pa

**Halimbawa:**

A. **Sa wakas,** natuwa ang ama dahil sa kabaitan ng anak.
B. Sa lahat ng ito, napagtanto ng mga anak na sila`y mahal na mahal ng kanilang ama

3. **Kung gayon**- panlinaw

**Halimbawa:**

C. Malinaw ang paalala ng ina sa kaniya, kung gayon kailangan niyang pagbutihin ang pag-aaral.

## Pag-alam sa Natutuhan

Magagawa mo bang isalaysay ang mga pangyayari ng may pagkakasunod-sunod gamit ang mga pang-ugnay tulad ng mga salitang: **Isang-araw, samantala, habang, maya-maya, kaya, sa wakas, pagkatapos, makalipas ang ilang araw, minsan at iba pang pang-ugnay.**

A. Isulat muli ang maikling kuwentong "Aanhin Nino Yan" na may pagbabago sa ilang pangyayari at mga katangian ng sinuman sa mga tauhan at may sariling

wakas. Gamitan ng pang-ugnay ang paglalahad ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
_______________________________________________.

B. Sumulat ng sariling-likhang maikling kuwento na may mga pangyayaring nagpapakita ng iba't ibang uri ng tunggalian ng tauhan at gumamit ng angkop na pang-ugnay sa pagbuo ng pangungusap sa kuwento.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali ang pangungusap.

____ 1. May mga pang-ugnay na naghuhudyat sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari.

____ 2. Ang Programang Pantelebisyon ay nagpapakita rin ng iba't ibang tunggalian.

____ 3. Ang tunggaliang tao laban sa kapwa tao ay nagpapakita ng labanan ng tauhan sa kanyang sarili

____ 4. Ang paksa ng maikling kuwento ay hango sa mga pangyayari sa totoong buhay at maaring likhang-isip lamang ng may-akda.

____ 5. Ang uri ng tunggalian na ang pangunahing tauhan ay kalaban ang kaniyang sarili ay tinatawag na tunggaliang tao laban sa kaniyang sarili.

**Sanggunian:**

Panitikang Asyano (Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino)

https://www.youtube.com/watch?v=Ki7nXoQl-gI

**https://www.slideshare.net/LennoxLatag1/filipino-telebisyon**

https://www.youtube.com/watch?v=znyai2jCOuo

https;//youtu.be/XJv2z-m9bJU

**Susi sa Pagwawasto:**

| Unang Pagsubok: | Balik Tanaw |
|---|---|
| 1. A | 1. B |
| 2. A | 2. D |
| 3. D | 3. E |
| 4. A | 4. C |
| 5. B | 5. A |

Pangwakas na Pagsusulit

1. T
2. T
3. M
4. T
5. T

***Ang Gawain 1, 2, 3 at Pag-alam sa natutuhan ay guro ang magbibigay ng puntos.